

**CAMBRIA COMMUNITY SERVICES DISTRICT
PATAKARAN SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA TUBIG SA TAHANAN**

1. Layunin

Itinaguyod ang patakarang ito upang sumunod sa Panukalang-batas ng Senado 998 (Senate Bill 998), na kilala bilang "Batas sa Proteksiyon sa Pagputol ng Tubig (Water Shutoff Protection Act)" at inaprubahan ng Gobernador noong Setyembre 28, 2018 (Seksiyon 116900 at ang mga kasunod nito sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California (California Health and Safety Code)). Makikita ang Patakarang na ito sa website ng Distrito ng Mga Serbisyong Pangkomunidad ng Cambria (Cambria Community Services District). Maaaring makipag-ugnayan sa Departamento ng Tubig ng Distrito sa pamamagitan ng pagtawag sa (805) 927-6223 upang talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

2. Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa

Magkakaroon ng bisa ang patakarang ito sa Pebrero 1, 2020.

3. Mga Nakalathalang Wika

Ihahanda at ilalathala ang patakarang ito at ang mga nakasulat na abisong kinakailangan sa patakarang ito sa Ingles, sa mga wikang nakalista sa Seksiyon 1632 ng Kodigo Sibil (Civil Code), kung saan kasama ang Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, at Koreano, at sa anumang ibang wikang sinasalita ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga taong naninirahan sa lugar ng serbisyo sa tubig ng Distrito.

4. Mga Kinakailangan Bago ang Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan

- A. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad hanggang hindi magbayad ang kostumer nang hindi bababa sa 60 araw. Nang hindi bababa sa pitong araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad, makikipag-ugnayan ang Distrito sa kostumer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono o nakasulat na abiso.
- B. Kapag nakipag-ugnayan ang Distrito sa kostumer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono alinsunod sa bahagi ng talata (A), iaalok ng tauhan na ibigay ang patakarang ito sa pamamagitan ng sulat sa kostumer. Iaalok ng tauhan ng Distrito na talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad, mga ipinagpalibang pagbabayad, mga pinakamababang kabayaran, mga proseso sa paghiling ng amortisasyon (hulugang pagbabayad) ng natitirang hindi bayad na balanse, at petisyon para sa pagsusuri at pag-apela ng bill.
- C. Kapag nakipag-ugnayan ang Distrito sa kostumer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng nakasulat na abiso alinsunod sa bahagi ng talata (A), ipapadala ang nakasulat na abiso sa hindi pagbabayad at nalalapit na pagputol ng serbisyo sa kostumer sa kaniyang nakatalang address. Kung ang address ng kostumer ay hindi ang address ng pag-aari kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tubig sa tahanan, ipapadala rin ang abiso sa address ng pag-aari kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tubig sa tahanan, na nakapangalan sa "Naninirahan (Occupant)." Kasama sa abiso ang, ngunit hindi limitado sa, lahat ng mga sumusunod na impormasyon sa malinaw at nababasang format:
 - (i) Ang pangalan at address ng kostumer.
 - (ii) Ang halagang hindi pa nababayaran.
 - (iii) Ang petsa kung kailan kinakailangan ang pagbabayad o kasunduan sa pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan, na magiging 60 araw mula sa petsa kung kailan itinuturing na hindi nabayaran ang bill maliban kung ito ay pinahaba ayon sa pagpapasiya ng Pangunahing Tagapamahala (General Manager).

- (iv) Paglalarawan ng proseso para mag-apply sa pagpapahaba ng panahon para bayaran ang mga hindi nabayarang singil.
- (v) Paglalarawan ng proseso para magpetisyon para sa pagsusuri at pag-apela ng bill.
- (vi) Paglalarawan ng proseso kung saan maaaring humiling ang kostumer ng ipinagpaliban, binawasan, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasama ang amortisasyon ng mga hindi nabayarang singil sa serbisyo sa tubig sa tahanan.
- (vii) Ang numero ng telepono ng Distrito at web link ng nakasulat na patakaran ng Distrito.

5. Mga Kinakailangan sa Pag-aabiso Nang May Mabuting Hangarin

- A. Kung mabigong makipag-ugnayan ang Distrito sa kostumer o sa isang nasa hustong gulang na naninirahan sa tahanan sa pamamagitan ng pagtawag, o kung binalik sa pamamagitan ng koreo ang nakasulat na abiso dahil hindi ito maipadala, gagawa ang Distrito ng pagsisikap nang may mabuting hangarin para bisitahin ang tahanan at mag-iwan, o gumawa ng mga ibang pagsasaayos para sa paglalagay sa isang madaling makitang lugar, ng abiso sa nalalapit na pagputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad at ng patakaran ng Distrito sa pagputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad.
- B. Kung gustong humiling ng kostumer ng pagsusuri o nais niyang iapela ang kaniyang bill, dapat makipag-ugnayan ang kostumer sa Distrito bago ang takdang petsa ng pagbabayad at susuriin ito ng Distrito. Kung ang imbestigasyon ay hindi magreresulta sa isang resolusyong katanggap-tanggap sa kostumer, maaaring humiling ng pagsusuri ang kostumer sa Pangunahing Tagapamahala at sa kalaunan ay mag-apela sa Lupon (Board). Magbibigay ang Distrito ng nakasulat na abiso sa oras at lugar ng apela nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang pagpupulong ng Lupon. Pinal ang desisyon ng Lupon. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa tahanan habang nakabinbin ang apela.

6. Pagbabawal sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig

- A. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad kung natutugunan ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon.
 - (i) Ang kostumer, o ang naninirahan ng kostumer, ay magsusumite sa Distrito ng sertipikasyon ng isang provider ng pangunahing pangangalaga, ayon sa pagpapakahulugan ng terminong iyon sa bahagi ng talata (A) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Seksiyon 14088 ng Kodigo sa Kapakanan at Mga Institusyon (Welfare and Institutions Code), na ang pagputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan ay mapanganib sa buhay, o magdadala ng malubhang panganib sa kaligtasan at kalusugan, ng isang residente ng lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tubig sa tahanan.
 - (ii) Ipinapakita ng kostumer na wala siyang kakayahang pinansiyal na bayaran ang serbisyo sa tubig sa tahanan sa loob ng karaniwang panahon ng pagsingil ng Distrito. Ituturing na walang kakayahang pinansiyal ang kostumer na magbayad sa serbisyo sa tubig sa tahanan sa loob ng karaniwang panahon ng pagsingil ng Distrito kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tagatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Programa sa Karagdagang Panseguridad na Kita/Karagdagang Kabayaran ng Estado (Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program), o Espesyal na Programa sa Karagdagang Nutrisyon para sa Kababaihan, Mga Sanggol, at Mga Bata sa California (California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children), o kung idedeklara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas.
 - (iii) Sumasang-ayon ang kostumer na pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plano para sa ipinagpaliban o binawang pagbabayad kaugnay ng lahat ng mga singil sa hindi pagbabayad.
- B. Kung natutugunan ang lahat ng mga kondisyong nakalista sa itaas, iaalok ng Distrito sa kostumer ang isa o higit pa sa mga sumusunod na opsiyon:
 - (i) Amortisasyon ng hindi nabayarang balanse.
 - (ii) Paglahok sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad.

- (iii) Bahagya o buong pagtatanggal ng hindi nabayaranang balanse na binayaran nang walang karagdagang singil sa ibang mga nagbabayad ng singil.
 - (iv) Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.
- C. Awtorisado ang Pangunahing Tagapamahala na tukuyin kung alin sa mga opsiyon sa pagbabayad na inilarawan sa talata 6.B ang gagamitin ng kostumer at maaari niyang itakda ang mga limitasyon ng opsiyon sa pagbabayad na iyon sa kondisyong mangyayari sa loob ng 12 buwan ang muling pagbabayad ng anumang natitirang balanse, at sa kondisyong maaari lamang aprubahan ng Pangunahing Tagapamahala ang bahagya o buong pagtatanggal ng hindi nabayaranang balanse kung ang pagtatanggal na iyon ay maaaring mapondohan sa pamamagitan ng mga kita sa buwis sa pag-aari na inaprubahan ng Lupon ng Mga Direktor (Board of Directors) ng Distrito at hayagang inilipat sa badyet ng Pondo sa Tubig para sa layunin ng pagsasagawa nito.
- D. Maaaring putulin ang serbisyo sa tubig sa tahanan nang hindi mas maaga sa 5 araw ng negosyo pagkatapos magpaskil ng Distrito ng panghuling abiso ng planong putulin ang serbisyo sa isang lokasyon sa pag-aari na madalas na dinadaan at madaling makita sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na sitwasyon:
- (i) Nabigo ang kostumer na sumunod sa kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o pagpapaliban o pagbabawas sa isang plano sa pagbabayad para sa mga hindi nabayaranang singil nang 60 araw o higit pa.
 - (ii) Habang sumasailalim sa kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o pagpapaliban o pagbabawas sa isang plano sa pagbabayad para sa mga hindi nabayaranang singil, hindi binabayaran ng kostumer ang kaniyang mga kasalukuyang singil sa serbisyo sa tubig sa tahanan nang 60 araw o higit pa.

7. Pagpapanumbalik ng Serbisyo sa Tubig

- A. Kung pinutol ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad, magbibigay ito sa kostumer ng impormasyon sa kung paano ipanumbalik ang serbisyo sa tubig sa tahanan. Para sa naninirahang kostumer na nagpapakita sa Distrito na ang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan, gagawin ng Distrito ang pareho sa mga sumusunod:
- (i) Magtakda ng singil para sa muling pagkakabit ng serbisyo para sa muling pagkakabit sa mga karaniwang oras ng operasyon sa halagang hindi lalampas sa limampung dolyar (\$50), o sa aktuwal na halaga ng muling pagkakabit kung mas mababa ito. Para sa muling pagkakabit ng serbisyo sa tubig sa mga hindi oras ng operasyon, magtatakda ang Distrito ng singil para sa muling pagkakabit ng serbisyo sa halagang hindi lalampas sa isang daan at limampung dolyar (\$150), o sa aktuwal na halaga ng muling pagkakabit sa mga hindi oras ng operasyon kung mas mababa ito. Ang pinakamataas na halaga na \$50 para sa muling pagkakabit sa mga oras ng operasyon at ang \$150 sa mga hindi oras ng operasyon ay mapapailalim sa taunang pagsasaayos para sa mga pagbabago sa Index ng Presyo para sa Mamimili (Consumer Price Index) na magsisimula sa Enero 1, 2021. Gagamitin ng Distrito ang average ng lugar ng Los Angeles at San Francisco sa pagtukoy ng pagtaas ng Index ng Presyo para sa Mamimili.
 - (ii) Aalisin ang mga singil sa interes sa mga hindi nabayaranang bill isang beses kada 12 buwan.
- B. Ituturing ng Distrito ang naninirahang kostumer na mayroong kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tagatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Programa sa Karagdagang Panseguridad na Kita/Karagdagang Kabayaran ng Estado, o Espesyal na Programa sa Karagdagang Nutrisyon para sa Kababaihan, Mga Sanggol, at Mga Bata sa California, o kung idedeklara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas.

8. Mga Serbisyon may kaugnayan sa Ugnayan ng Landlord-Nangungupahan

- A. Kung nagbibigay ang Distrito ng serbisyo sa tubig sa tahanan na may indibidwal na metro sa mga naninirahan sa hiwalay na tahanan para sa isang pamilya, estruktura ng tahanan na may maraming yunit, parke ng mobile home (naililipat na tahanan), o permanenteng estruktura ng tahanan sa isang kampo ng paggawa (labor camp) ayon sa pinapakahulugan sa Seksiyon 17008 ng ---, at ang may-ari, tagapamahala, o tagapangasiwa ng tirahan, estruktura, o parke ay ang nakatalang kostumer, gagawin ng Distrito ang bawat pagsisikap na may mabuting hangarin para ipaalam sa mga naninirahan sa tahanan, sa pamamagitan ng sulat, kapag mayroong hindi nabayaran sa account at puputulin ang serbisyo, nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pagputol. Ipapaalam din ng nakasulat na abiso sa mga naninirahan sa tahanan na mayroon silang karapatang maging mga kostumer, kung kanino na sisingilin ang serbisyo, nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa hindi nabayaran account.
- B. Hindi gagawing available ng Distrito ang serbisyo sa mga naninirahan sa tahanan maliban kung sumang-ayon ang bawat naninirahan sa tahanan sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at kung natutugunan ng bawat isa ang batas at mga ordinansa, resolusyon, tuntunin at regulasyon ng Distrito. Gayunpaman, kung ang isa o higit pa sa mga naninirahan sa tirahan ay sumasang-ayon at may kakayahang akuin ang responsibilidad para sa mga susunod na singil sa account sa kasiya-siya sa Distrito, kasama ang mga kinakailangan na maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa, pagbabayad ng deposito na 120\$ at pagkumpleto ng aplikasyon ng serbisyo sa Distrito upang masuri ng Pangunahing Tagapamahala, o ng kaniyang itinalaga, kung kumbinsido ang Distrito na matutugunan ng mga aplikante sa tahanan ang mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo, o kung mayroong legal na pisikal na paraan na available para piliin ng Distrito na putulin ang serbisyo sa mga hindi nakatugon sa mga kinakailangan ng Distrito, gagawing available ng Distrito ang serbisyo sa mga naninirahan sa tahanan na kumbinsido ang Distrito na makakatugon sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo.

9. Mga Kinakailangan sa Pag-uulat

Taunang iuulat ng Distrito ang bilang ng mga pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad sa website ng Distrito at sa Lupon sa Pagkontrol ng Mga Pagkukunang Tubig ng Estado (State Water Resources Control Board).

10. Mga Limitasyon ng Patakarang na ito

Walang alinman sa patakarang ito ang nagbabawal, naglilimita, o nagpapahina sa kakayahan ng Distrito na putulin ang serbisyo sa kostumer para sa mga dahilan na bukod pa sa mga hayag na nakasaad sa patakarang ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga hindi awtorisadong pagkilos ng kostumer.

11. Mga Ibang Pagkilos para Patatagin ang Pagkolekta sa Mga Hindi Nabayaranang Singil

- A. Alinsunod sa Seksiyon 61115(3)(C) ng Kodigo ng Pamahalaan (Government Code), maaaring magpataw ng multa ang Distrito sa kostumer dahil sa hindi pagbabayad ng mga singil sa rate na sampung porsiyento (10%), kasama pa ang karagdagang multa na isang porsiyento (1%) kada buwan para sa hindi pagbabayad ng mga singil.
- B. Alinsunod sa Seksiyon 61115(b) ng Kodigo ng Pamahalaan, maaaring kolektahin ng Distrito ang anumang hindi nabayaranang singil at multa sa tax roll sa parehong paraan ng sa mga

buwis sa pag-aari.

- C. Alinsunod sa Seksiyon 61115(c) ng Kodigo ng Pamahalaan, binibigyan ng Lupon ng Mga Direktor ng kapangyarihan ang Pangunahing Tagapamahala o ang kaniyang itinalaga para isagawa ang sertipikasyon na nagdedeklara sa form na inaprubahan ng legal na konseho ng Distrito ng halaga ng mga hindi nabayaranang singil at multang dapat bayaran at ang pangalan at huling alam na address ng taong may pananagutan para sa mga hindi nabayaranang singil at multa, at na itala ang nasabing sertipikasyon sa tanggapan ng Rekorder ng San Luis Obispo County (San Luis Obispo County Recorder) alinsunod sa mga pamamaraang itinaguyod ng Pangunahing Tagapamahala. Ang mga nasabing pamamaraan ay kabibilangan ng isang probisyon na nagsasabing ang pagtatala ng sertipikasyon ay maaari lamang isagawa pagkatapos abisuhan ang kostumer ng plano ng Distrito na gawin ito, na ang kostumer ay may sampung araw ng negosyo para ipaalam sa Distrito ang anumang layon na iapela ang nasabing pagtatala ng sertipikasyon sa Lupon ng Mga Direktor, at kung mag-aapela ang kostumer, iuutos lamang na itala ang sertipikasyon pagkatapos isaalang-alang ng Lupon ng Mga Direktor ang apela.